# DELFIN H. MUNDALA JR.

Kasalukuyang nagtuturo ng Filipino at Panitikan sa Mindanao State University - Iligan Institute of Technology. Nakatira sa Lungsod ng Iligan at dito humuhugot ng mga paksang isinusulat. Miyembro ng Bathalad Mindanao (Bathalan-ong Halad sa Dagang) 2016 at LUDABI (Lubas sa Dagang Bisaya) 2017. Naging Fellow sa 24th Iligan National Writers Workshop 2017 sa kasagsagan ng ng Martial Law sa Mindanao at giyera sa Marawi. Sumusulat din ng tula (Cebuano/Filipino), maikling kuwento (Cebuano/Filipino), dagli (Cebuano/Filipino), at dula tungkol sa nangyayari sa Mindanao partikular sa Iligan. Nakapag-aral ng doktorado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas noong 2016 - 2019.

*Salin sa Cebuano:*
*Santilmo sa Pantalan*

# SILA CAMELO UG MIGUEL

Nia na pud silang Camelo'g Miguel
sakay sa sakayang
hinulman kang nong Berteng
sa unahan si Miguel naglingkod
ug si Camelo sa likod
sa bugsay gipikas
lapad ug kristal nga dagat
mipa-uraray sa nagpahulayng balod

Bulawanong bidlisiw sa adlaw
sa pantalan nakita
ug miingon si Miguel
"Kabalo ba ka nga naay Santilmo sa pantalan?"
"Oo, pero di ko motuo," tubag ni Camelo
padayon sa pagbugsay
gipuntang ang panan-aw sa pantalan
miginhawag lalom si Miguel dayong ingon
"Basta sa buhi pa,
si Tatay matud niya adunay santilmo sa pantalan."
"Mao ba?" tando sa higala
ug sa bugsay gidunggab
ang tin-aw nga dagat.

*Orihinal:*
*Santilmo sa Pantalan*

## SINA CAMELO AT MIGUEL

Ayan na naman sina Camelo at Miguel
sakay sa kanilang bangkang
hiniram kay Nong Berteng
nakaupo sa unahan si Miguel
at sa likod naman si Camelo
hinati ng sagwan ni Camelo
ang malapad at kristal na dagat
sa ibabaw ng namamahingang alon
tanaw nila ang malagintong silahis ng araw
sa may di kalayuan ang pantalan
sumambit si Miguel
“Alam mo bang may Santilmo sa pantalan?”
nagsalubong ang kilay ni Camelo.
“Oo, pero hindi ako naniniwala.”
patuloy ito sa pagsagwan
tumingin sa pantalan si Miguel
bumuntonghininga at nagsabing
“Basta, sabi ng tatay ko bago siya nawala,
may santilmo sa pantalan.”
tumango naman ang kaibigan at tumugon ng
“Gano’n ba?”
sinaksak ng sagwan ni Camelo ang malinaw na dagat.